ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVI Blg. 7
Hulyo 21, 2015
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Usigin si Aquino sa kanyang mga krimen

Kaliwa't kanan ang mga krimen at kasalanan sa bayan ni Benigno S. Aquino III. Sa loob ng nakaraang limang taon, biktima ang mamamayang Pilipino ng masugid na pagsunod ng rehimeng Aquino sa mga dikta ng imperyalismong US na nagpalala sa kahirapan at krisis sa kabuhayan ng mamamayang Pilipino at lalong nagsuko ng soberanya ng Pilipinas.

Sa Hulyo 27, nakatakda ang huling State of the Nation Address (SONA o talumpati sa kalagayan ng bansa) ni Aquino. Gagamitin niya ito para muling ipagmalaki ang palsipikadong mga datos ng "kaunlaran". Kumpara sa nakaraan, lalong mas malaking ilusyon ang kailangan niyang ihabi dahil mas lalong nagdudumilat ang katotohanan ng kahirapan at krisis na nais niyang pagtakpan.

Nais ni Aquino na gamitin ang kanyang huling SONA para palabasing iiwan niya ang pamana ng "tuwid na daan" at "malinis na gubyerno". Ang totoo, sa nakalipas na limang taon, walang ibang inihatid si Aquino sa mamamayan kundi ibayong pasakit, pahirap at pang-aapi.

Ang huling SONA ni Aquino ay tutuligsain at sasalubungin ng pinakamalaking protesta ng mamamayang biktima ng rehimen niyang yumurak sa kanilang pambansa at demokratikong interes at kagalingan.

Mainam na pagkakataon ito para papanagutin si Aquino sa mahabang listahan ng mga krimen at kasalanan niya sa bayan:

1. Korapsyon sa pagpapalawak ng sistema ng *pork barrel* at Disbursement Acceleration Program (DAP). Ginamit ito ni Aquino para palakasin ang kanyang impluwensyang pampulitika, tiyakin ang katapatan ng mga pulitiko at kontrolin ang kongreso. Sa kabila ng protesta at desisyon ng Korte Suprema na iligal ang *pork barrel,* lalo pa itong pinalaki sa badyet ni Aquino sa 2016, bahagi ng paghahanda sa eleksyon.

2. Korapsyon sa mga kontrata sa Public-Private Partnership (PPP) na pinagsaluhan at ikinabundat ng iilang pinakamalalaking burgesyang komprador na malapit kay Aquino. Kabilang sa mga ito sina Henry Sy, Lucio Tan, Eduardo "Danding" Cojuangco, Manuel V. Pangilinan, mga Ayala, Consunji at iba pa. Binigyang-pribilehiyo sila na pagkakitaan ang mga pampublikong pasilidad nang ilampung taon ni Aquino na may garantisadong tubo sa badyet.

3. Paglala ng ismagling na lumaki nang tatlong ulit sa nakaraang limang taon. Dagdag pa rito ang paglala ng "ligal na ismagling" o ang todo-todong liberalisasyon sa kalakalan ng bigas, sibuyas, bawang, manok, karne at iba pang produktong agrikultural sa kapinsalaan ng lokal na mga magsasaka at iba pang prodyuser.

4. Kriminal na pagpapabaya sa mga sinalanta ng Pablo at Yolanda at iba pang mga bagyo at sakuna. Kinaltasan ang pondo para magsagawa ng angkop na mga paghahanda at isaayos ang mga pasilidad para sa pagsagip at ebakwasyon ng mga nasalanta. Kulang na kulang na nga ang pondo para sa tulong at re-



habilitasyon ng mga nakaligtas, batbat pa ito ng burukratikong katiwalian.

5. Pagpirma sa Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) na nagbigay-daan sa muling pagtatatag ng mga baseng militar ng US sa Pilipinas gamit ang mga kampo ng AFP sa iba't ibang panig ng bansa, at sa ibayong pagpapalawak ng presensya ng mga tropa ng US sa Pilipinas.

6. Pagpapahintulot sa mga dayuhang tropa ng US na maglunsad ng mga operasyong militar at manghimasok sa loob ng Pilipinas. Pinahintulutan ang mga upisyal militar ng US na magsanay, magpondo at magkumand sa mga pwersang pulis at militar sa mga operasyon ng US, tulad sa nabulilyasong operasyon sa Mamasapano na nagresulta sa pagkasawi ng halos 70 katao, kabilang ang 44 na pulis.

7. Pagtupad sa patakarang palaasa sa ayudang militar ng US sa usapin ng pagtatanggol ng teritoryo ng Pilipinas. Ang panghihimasok ng China sa mga karagatan ng Pilipinas ay isinasangkalan para palakihin ang presensya ng mga tropang militar, barkong pandigma, mga eroplano at *drone* ng US sa teritoryo ng bansa. Buong-laya na nagsasagawa ng mga operasyong surbeylans ang mga pwersang militar ng US.

8. Paggamit sa kapangyarihan ng burukrasya upang hadlangan ang pamamahagi ng lupa ng Hacienda Luisita na ipinag-utos ng Korte Suprema at pagpapalayas sa mga magsasakang matagal nang nagbubungkal sa kanilang lupang inangkin ng mga Cojuangco.

9. Pagbibigay-daan sa malawakang pang-aagaw ng lupa para sa malalaking kumpanyang dayuhan sa pagmimina, plantasyon, *real estate* at turismo.

10. Pagpigil sa pagtaas ng sahod ng mga manggagawa, pagpapatuloy ng kawalan ng pambansang minimum na sahod at pagpapatibay ng karagdagang mga patakaran sa "pleksibilisasyon" tulad ng tinaguriang sistemang "dalawang andanang pagpapasahod" na lalong nagpapababa sa sahod ng mga manggagawa.

11. Pag-aalis ng mga regulasyong pangkaligtasan at pangkalikasan sa ilalim ng patakarang "one-stop-shop" pabor sa malalaking kapitalistang nais magnegosyo na nagresulta sa dumaraming kaso ng aksidente at pagkamatay ng mga manggagawa gaya ng kamakailang sakuna sa Kentex.

12. Kaliwa't kanang mga demolisyon ng mga komunidad ng mga maralitang lunsod upang ilaan ang lupa sa gamit ng malalaking komprador sa pagtatayo ng mga *mall*, kondominyum at iba pang negosyo habang ang mga naninirahan ay itinataboy sa mga lugar na malayo sa hanapbuhay at pinatitira sa peligrosong mga lugar.

13. Pagtataas ng singil sa pamasahe sa metrotren (MRT at LRT) at tren sa kabila ng pagkabulok ng serbisyo. Lalong pagmahal ng gastos ng mamamayan para sa mga serbisyong pampubliko bunga ng pagbwelo ng pribatisasyon ng mga pampublikong ospital, ng sistema ng edukasyon, pati na ng sistema ng pampublikong transportasyon, mga haywey, komunikasyon at iba pang yutiliting pampubliko.

14. Pagwawaldas sa pondo ng gubyerno para sa mapanlinlang na 4Ps (Pantawid Pamilyang Pilipino Program). Bahagi ito ng kontra-rebolusyonaryong saywar na layong ilayo ang mamamayan sa landas ng rebolusyon. Pinapapaniwala silang tinutugunan ng gubyerno ang kanilang kagalingan gayong ang totoo'y binabawasan ang badyet para sa kalusugan, edukasyon at iba pang batayang serbisyong panlipunan.

15. Pagpapabaya sa harap ng pagsirit ng presyo ng bigas, bawang at iba pang pagkain at saligang mga bilihin noong 2014. Nagpakainutil rin si Aquino sa harap ng mabagal na pagbaba ng presyo ng mga produktong petrolyo sa kabila ng mabilis na pagbulusok ng presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan.

16. Pagpapatupad ng pahirap na programang K-12 na may dagdag na dalawang taon sa hayskul para lalong pagsilbihin ang sistema ng edukasyon sa pagsasanay ng murang lakas-paggawa na may maba-


ANG Bayan

Tomo XLVI Blg. 7 | Hulyo 21, 2015

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa: *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*


## Nilalaman


| | |
|---|---|
| **Editoryal:** Usigin si Aquino | 1 |
| Paghahanda para sa eleksyon | 3 |
| Liza Maza, binawal sa US | 4 |
| Panggigipit sa mga kawani | 5 |
| Ayudang militar, ipinatitigil | 6 |
| Mga paglabag sa Matuguinao | 6 |
| 85th IB, sinalakay ng BHB | 7 |
| 3 sundalo, patay sa Samar | 7 |
| Oplan Amianan, binatikos | 7 |
| Libing ni Ka Parago, dinagsa | 8 |
| Teritoryal na integridad | 9 |
| Tagumpay sa Tanduay | 10 |
| Kilos kontra-mina sa ST | 10 |
| Saywar sa internet | 11 |
| Pagbaliktad ni Tsipras | 12 |



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

bang kasanayang kailangan ng mga dayuhang kumpanya at para sa pag-eeksport ng lakas-paggawa.

17. Kabiguang mamuhunan sa lokal na ekonomya para ipundar ang lokal na industriya at paunlarin ang lokal na produksyon at wakasan ang pagsalalay sa dayuhang pamumuhunan upang lumikha ng hanapbuhay na nagresulta sa isa sa pinakamalalang krisis sa empleyo kung saan mahigit 30% ang wala o kulang ang trabaho.

18. Pagpapatupad ng patakaran ng pagluluwas ng mga *overseas contract worker* (OCW) bilang "solusyon" sa lokal na krisis sa empleyo habang pinababayaan ang kapakanan ng mga OCW.

19. Walang patumanggang paglabag sa mga karapatang sibil at karapatang-tao sa pagpapatupad nito ng kontra-rebolusyonaryong Oplan Bayanihan. Nagpapatuloy ang mga kaso ng ekstrahudisyal na pagpatay. Tuluy-tuloy na dumarami ang mga bilanggong pulitikal na pawang sinasampahan ng gawa-gawang mga kasong kriminal para matagalan silang ikulong. Tuluy-tuloy na ginigipit at sinisindak ang mga aktibista at unyonista. Ang mga konsultant at istap ng NDFP sa usapang pangkapayapaan ay tinutugis at ikinukulong.

20. Walang habas na paglabag sa mga internasyunal na makataong batas habang naglulunsad ng mga operasyong militar na hindi nagsasaalang-alang sa kapakanan ng mga sibilyan. Kabilang dito ang pambobomba at panganganyon sa mga komunidad o bukirin, paggamit ng mga imprastrukturang sibilyan, at pagbabase sa mga komunidad upang maghasik ng takot at kontrolin ang galaw ng populasyon.

21. Mga paglabag sa karapatan ng mga bata sa paggamit ng mga paaralan bilang baraks ng mga sundalo.

22. Kabiguang isakdal, litisin at parusahan ang pinakamalalaking nandambong at lumabag sa karapatang-tao sa ilalim ng nagdaang rehimen, kabilang si Gloria Arroyo na may iba't ibang pribilehiyo habang nasa ilalim ng "hospital arrest" at si Gen. Jovito Palparan na pinagbigyan sa kanyang kagustuhang "makulong" sa loob ng Fort Bonifacio sa halip na sa ordinaryong kulungan.

Sa haba ng listahan ng mga krimen at kasalanan ni Aquino, sadyang labis ang kanyang pangamba na pagkatapos ng kanyang kapangyarihan ay haharap siya sa mga kaso. Kaya naman puspusan ngayon si Aquino sa pagtiyak na ang eleksyon sa darating na taon ay magreresulta sa pag-upo ng isang gubyernong mangangalaga sa kanyang kapakanan at hahadlang sa kanyang pagsasakdal, paglilitis at pagpaparusa.

Inip na inip na ang sambayanang Pilipino na papanagutin si Aquino sa lahat ng kanyang krimen at kasalanan. Determinado silang kumilos at palakasin ang kanilang mga protesta upang mapatalsik nila sa pinakamaagang pagkakataon si Aquino mula sa kanyang poder at pagbayarin siya sa lahat ng pahirap, kasalanan at krimen niya sa bayan.

---

# Paghahanda ni Aquino sa resulta ng eleksyong 2016

Ang darating na *automated* na eleksyon sa Mayo 2016 ay muling patatakbuhin ng dayong kumpanyang Smartmatic Inc. Sa ikaapat na pagkakataon, nakipagkontrata ang Commission on Elections (Comelec) sa Smartmatic para gamitin ang sistema at mga makina nito para sa dekompyuter na pagbibilang ng mga boto sa darating na halalan.

Kinuha ng Comelec ang Smartmatic sa kabila ng malakas na akusasyon ng iba't ibang grupong pampulitika at independyente na niluto nito ang eleksyon sa Pilipinas noong 2010 at 2013.

Noong katapusan ng Hunyo, pinagtibay ng Comelec ang P1.7 bilyong kontrata sa Smartmatic para upahan ang 23,000 bagong makinang PCOS (*precint count optical scan* o mga kompyuter na ginagamit sa awtomatikong pagbibilang at transmisyon ng resulta ng botohan) dagdag sa 78,000 lumang PCOS na dati na nitong inarkila mula sa kumpanya.

Ang muling paggamit ng Comelec sa Smartmatic ay bahagi na ng paghahanda ng naghaharing pangkating Aquino at imperyalismong US ng iba't ibang mga rekado para lutuin ang darating na eleksyong 2016




at tiyaking ang resulta nito'y papasa sa kanilang mga panlasa.

Ilang upisyal ngayon ng Liberal Party (LP) ang nagtatangggol sa Smartmatic. Pero kabilang noon ang LP sa bumatikos sa ginawang pandaraya ng Smartmatic sa pagkatalo ng kandidato nito sa pagkabise-presidente na si Mar Roxas.

Ang Smartmatic ay isang kumpanya mula sa Venezuela at Cana-

da. Kasalukuyan itong pinamumunuan ni Mark Malloch-Brown, dating upisyal ng United Nations, at pangunahing upisyal sa Sawyer Miller, isang pampulitikang grupo sa US na nakialam sa eleksyong 1986 sa Pilipinas. Dumating si Malloch-Brown nitong unang linggo ng Hulyo at nakipag-usap sa mga pulitiko.

Mula nang simulan ang de-kompyuter na eleksyon sa Pilipinas noong 2010, lalong binalot ng makapal na pagdududa ang mga resulta ng eleksyon. Gayunman, dahil pinatatakbo ng kompyuter, mas mahirap ding patunayan kung papaanong isinasagawa ang pandaraya. Tinatabunan ang pandaraya sa pamamagitan ng nakamamanghang "bilis" ng paglalabas ng resulta.

Ang rekord ng pagpapatakbo ng Smartmatic sa eleksyon sa Pilipinas ay batbat ng mga anomalya at paglabag sa mga batas.

Ang Smartmatic ang ginamit ng US at naghaharing pangkatin para tiyakin ang panalo ni Aquino noong 2010. Ang pandaraya sa de-kompyuter na eleksyon ay isang malaking operasyong isinagawa na may kaakibat na paghahanda sa upinyong publiko sa pamamagitan ng manipuladong mga sarbey.

Noong 2010, ilang araw bago ang eleksyon, pinalitan ang mga *memory card* na naglalaman ng programa ng PCOS. Hindi rin ginamit ang mga *ultraviolet* na ilaw para tukuyin ang mga tunay na balota kaya't pwedeng nagamit noon ang mga huwad na balota. Hindi rin nagbigay ng resibong naglalaman ng boto ang mga PCOS, taliwas sa itinatakda ng batas sa eleksyon sa Pilipinas. Sa pag-aaral pagkatapos ng eleksyon, lumilitaw na 99.60% lamang (sa halip na 99.995%) ang kakayahan ng PCOS na hustong bilangin ang mga boto, na nangangahulugan ng ilandaang libong botong hindi nabilang o mali ang pagkabilang.

Noong 2010, iginiit ni Roxas na binawasan siya ng 800,000 boto.

Noon namang 2013, nabunyag ang padrong "60-30-10" na hatian ng resulta sa senado sa pagitan ng mga kandidato ng Liberal Party ni Aquino (60%), ng oposisyunistang United Nationalist Alliance (30%) at iba pa (10%).

Ayon sa mga propesor na nagsuri sa resulta ng eleksyong 2013, ang paglitaw ng padrong ito sa halos lahat ng presinto at prubinsya sa buong bansa ay imposible at patunay lamang na manipulado ang resulta ng eleksyon sa pamamagitan ng pagkontrol sa mga makinang PCOS. Inaakusahan ni Margarita Cojuangco, tiyahin ng pangulo, na si Aquino ay nagbigay ng P30 milyon sa ilang upisyal militar upang linisin at itago ang pandaraya.

Noon ding 2013, naiulat na bigo ang mga PCOS na ipadala ang hanggang 23% ng mga boto. Noong mismong araw ng eleksyon, iniulat na may mga binago ang Smartmatic sa mga pangunahing kompyuter na hinahawakan nito para sa Comelec.

Taliwas sa batas ng eleksyon ng reaksyunaryong gubyerno, hindi isinasapubliko ang *source code* o ang paggawa ng aplikasyon o programa na nagpapatakbo sa mga makinang PCOS upang mapag-aralan ito ng mga eksperto.

Ang duda kontra sa Smartmatic at Comelec ay lalo pang lumalim noong 2014 nang lihim na inilipat ng Comelec ang pinagbobodegahan taliwas rin sa mga prosesong itinatakda ng batas sa eleksyon ng naghaharing estado.

Lalo pa itong nakwestyon nang inianunsyo kamakailan na may 4.7 milyong botante ang kailangang magpakuha ulit ng "biometrics" (larawan, pirma at tatak ng daliri) dahil daw nawala o nabura ito sa mga kompyuter. Ang wala daw biometrics ay hindi pahihintulutang makaboto. Marami ang nangangamba na gagamitin ito upang pigilang bumoto ang mga tao sa ilang lugar na pabor sa ilang mga pulitiko o partido.

May rekord rin ang Smartmatic sa ibang bansa. Noong 2013, kinasuhan ang subsidyaryo nito sa US dahil sa pambabaluktot sa resulta ng halalan sa Las Vegas, Nevada. AB

## Liza Maza, binawalan sa US

Hindi pinayagang lumabas sa bansa noong Hulyo 9 si Liza Maza, tagapangulo ng International Women's Alliance at dating kinatawan ng Gabriela Women's Party sa Kongreso, para dumalo sa pagsisimula ng International People's Tribunal (IPT) noong Hulyo 18 sa Washington DC.

Hinarang si Maza sa Ninoy Aquino International Airport (NAIA) alinsunod sa utos ng Customs and Border Protection ng US Department of Homeland Security na pigilan siyang sumakay sa eroplano. Papunta sa US si Maza para tumestigo kaugnay sa pagpatay ng isang sundalong Amerikano kay *transgender* Jennifer Laude at ang pagbabalik ng mga base militar ng US sa Pilipinas sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement.

Dagdag sa kasong ito, diringgin din ng IPT ang mga reklamo kaugnay sa iba pang krimen ng rehimeng Aquino at Obama ng US. Kabilang dito ang iba pang paglabag sa karapatang-tao, tulad ng pagpaslang kina Leonard Co at Fr. Fausto Tentorio.

Ayon sa abugado ni Maza, ang panghaharang ng US kay Maza ay labag sa kanyang karapatan para sa malayang paglalakbay, asosasyon at pagpapahayag, at labag sa soberanya ng Pilipinas. Walang karapatan ang US na ipatupad ang anumang hakbanging panseguridad nito sa teritoryo ng Pilipinas.

Ang US Department of Homeland Security ay nagmamantine ng listahan ng mahigit 223,000 indibidwal na arbitraryo nitong pinipigilang makapasok sa US. Noong 2004, pinigilan rin si Satur Ocampo, na noo'y kinatawan ng Bayan Muna Party, na makapasok sa US dahil itinuring siyang "banta sa pambansang seguridad." AB

# Panggigipit sa mga kawani at aktibista, ipinatitigil

Nagtungo sa Korte Suprema noong Hulyo 14 ang mga myembro ng Confederation of Unity, Recognition and Advancement of Government Employees (COURAGE) para magsumite ng petisyon ng *writ of amparo* para kay Antonieta Setias-Dizon at iba pang mga myembro nito. Ito ay sa gitna ng maigting at harap-harapang pagbabanta at panggigipit ng mga ahente ng militar at estado sa mga lumalabang aktibista at kawani ng mga gubyerno. Ang *writ of amparo* ay pormal na paghingi ng proteksyon mula sa mga korte at mga independyenteng institusyon laban sa panggigipit ng militar.

Bago nito, tumungo ang COURAGE sa Department of Justice noong Hulyo 2 para pormal na maghapag ng reklamo kay Justice Undersecretary Jose Justiniano kaugnay sa umaabot na sa 25 kaso ng harasment sa mga kawani. Hindi sila hinarap ni Justiniano.

Ang petisyon para sa *writ of amparo* ay isinampa sa harap ng masinsing sarbeylans ng mga ahenteng militar kay Setias-Dizon, dating administrador ng OWWA at isa sa pinakamatagal nang organisador ng COURAGE. Noong Hulyo 14 mismo, napilitan si Setias-Dizon na magpakanlong sa upisina ng Integrated Bar of the Philippines sa Pasig City matapos ang ilang linggong pagbuntot sa kanya ng isang sasakyan at komboy ng mga lalaking nakamotorsiklo.

Pinangambahan ng COURAGE na ang harasment laban kay Setias-Dizon, gayundin sa iba nilang mga myembro, ay hahantong sa pagdukot o iligal na pag-aresto at pagsasampa ng gawa-gawang mga kaso laban sa kanila. Noong 2012, iligal na inaresto ng militar sina Raul Camposano at Randy Vegas, mga organisador ng COURAGE, at sinampahan ng gawa-gawang kasong kriminal. Kinilala sila bilang COURAGE 2 at matagal nang ikinakampanya na mapalaya. Nakakulong ang dalawa hanggang ngayon sa Camarines Norte.

Noon pang Abril nagsimula ang lantarang panghaharas ng mga elemento ng militar sa mga myembro ng COURAGE at iba pang pwersang demokratiko sa Metro Manila. Kabilang sa mga biktima sina Elvie Prudencio, presidente ng unyon ng mga kawani sa Department of Labor and Employment (DOLE); Rosa Narates, presidente ng unyon ng National Housing Authority, at kanyang katrabaho na si Fely Sanyo; ang mag-asawang Raquel at Mervin Toquero, organisador ng COURAGE at National Council of Churches of the Philippines; Erwin Lanuza, empleyado ng lokal na gubyerno ng Quezon City; at Renato Asa, upisyal ng kawanihan para sa impormasyong pampubliko ng Kilusang Mayo Uno. Una nang isiniwalat ng mga lider-unyon at kasapi ng National Food Authority na sina Santi Dasmarinas, Roman Sanchez, Evelyn Garcia at ng retiradong empleyado na si Larry Tan, ang katulad na mga panggigipit noong Mayo.

Malinaw na layunin ng harap-harapang harasment na sindakin at takutin ang mga aktbista at unyonista. Alinsunod sa kanilang mga salaysay, isa-isang nilapitan ng mga ahente ng militar ang mga biktima at sinabihang kilala sila bilang mga kadre ng Partido Komunista ng Pilipinas bago inalok para maging "impormer" ng estado laban sa kanilang mga katrabaho. Lahat sila'y pinadalhan ng sulat na may *cellphone number* na maaari nilang tawagan sakaling tanggapin nila ang "alok."

Bago ang mga kumprontasyon, tinatawagan sila sa kanilang mga *cellphone,* kinukuhanan ng mga litrato at bidyo, sinusundan sa kanilang mga lakad at pinupuntahan sa kanilang mga upisina. Sa kaso ng mag-asawang Toquero, pinuntahan pa sila sa kanilang bahay para gipitin.

Laman ng karamihan sa mga sulat na natanggap ng mga kawani ang malisyosong pagtukoy sa kanila bilang mga kadre ng Partido Komunista ng Pilipinas at pang-iintrigang ang impormasyong ito ay mula sa COURAGE 2.

Noong Hulyo 15, lantarang panghaharas ang ginawa ng isang ahenteng paniktik ng militar kay Lea Fullon, istap ng Bayan Muna Party, habang nasa isang kilos-protesta noong Hulyo 15. Nilapitan si Fullon ng isang nagpakilalang Joey Fabrigas sa istasyon ng LRT sa Monumento at sinabihang i-*text* sa kanya ang iba pang mga protesta sa loob at labas ng Metro Manila. Nag-iwan ang naturang ahente ng *cellphone number*. Kasabay nito, kinunan ng litrato ng dalawa pang ahenteng militar ang mga raliyista.

Samantala, sinampahan ng militar noong Mayo 12 ng gawa-gawang mga kaso ng pagkidnap, iligal na detensyon at *human trafficking* ang 15 lider ng mga progresibong grupo at ng simbahan sa Southern Mindanao Region (SMR) na sumaklolo sa daan-daang Lumad na sapilitang lumikas sa Talaingod sa kasagsagan ng militarisasyon sa lugar.

Kabilang sa mga sinampahan ng kaso ang mga upisyal ng Karapatan-SMR, Promotion of Church People's Response-SMR, Kilusang Magbubukid ng Pilipinas-SMR, Gabriela-SMR, RCPA Productions-Broadcasting, PASAKA, PANALIPDAN-Mindanao, Salinlahi Alliance for Children's Concerns, Save Our Schools Network, Children's Rehabilitation Center-SMR at SAMA-AKO-KMU.

Batid ng naturang mga lider na sinampahan sila ng kaso para sindakin sila at guluhin ang kanilang trabaho. Ayon kay Hanimay Suazo ng Karapatan-SMR, wala silang balak tumigil sa kanilang mga tungkulin, at handa silang magsampa ng kontra-kaso laban sa militar. AB

# Mga biktima ng militar sa Matuguinao, wala pa ring hustisya


Disyembre 9, 2014 pa nang dukutin ng militar sina Tino Loberando, Cesar Loberando at Lando Loberando ng Barangay Libertad, Matuguinao, Samar. Lumipas ang isang buwan bago matagpuan ang kanilang bangkay. Hanggang ngayon ay wala pang naparurusahan sa mga salarin.

Pangunahing itinuturong salarin sa pagdukot at pagpatay sa mga Loberando ang 43rd IB na nakabase sa Barangay Sto. Niño, Gandara, Samar at ang mga utusan nitong paramilitar sa pangunguna nina Eulogio "Laloy" dela Cruz, Roberto "Ombo" dela Cruz at Luis dela Cruz. Minsan nang dinakip ng pulis si Laloy pero pinalabas at kinanlong ng 43rd IB.

Bahagi ng mahabang listahan ng mga paglabag sa karapatang-tao ang pagnanakaw sa mga hayupan at pwersahang pagpapalikas sa 100 pamilya ng Barangay Mahayag at Barangay Libertad noong Hunyo 5 at Hunyo 11. (*Basahin sa* Ang Bayan, *Hunyo 21, 2015).*

Ang mga tropa ng 43rd IB rin ang itinuturong nasa likod ng pagdukot kay Jose Opiniano ng Barangay Libertad noong Hunyo 10. Pinatay ng mga pasistang tropa noong Marso 21 sina Otoy Micol ng Barangay Maduruto, Alfredo Diaz na tanod ng Barangay Bag-otan, at Vicente Sorio ng Barangay Bag-otan; si Janito Micol ng Barangay Mahanud noong Abril 4; si Joseph Royandoyan ng Camonoan noong May 1 at si Janito Diaz, tagapangulo ng PANGUMA at kapitan ng barangay ng Nagpapacao, noong Mayo 3. Noong Hunyo 18 ay tinakot at pinagbantaan si Perlita Diaz, kapitan ng Barangay Mahayag. Nitong Hulyo, binantaan at tinakot si Teresita Suarino na kapitan ng Barangay Libertad, ang *treasurer* ng Barangay Diit, at ang kapitan ng Barangay Del Rosario.

Sa mga pulong barangay na pinatatawag ng militar, pinipilit ang mga residente na amining sila ay mga kasapi ng BHB. Pilit silang pinapipirma sa resolusyon na nagpapahayag na tinatanggap nila ang mga sundalo sa barangay. Pinapagwardya sa kanilang pwesto ang mga Barangay Tanod. Sinira ang maraming tanim tulad ng mga gulay, kamote, palay, mais at iba pa. Inuutusan ang mga kabataan na mag-igib ng kanilang inumin at pinilit silang maggiya sa operasyong militar.



Gumawa ng resolusyon ang Municipal Peace and Order Council (MPOC) noong Mayo 22, 2015 na humihiling sa iba't ibang ahensya ng reaksyunaryong gubyerno na gumawa ng hakbang para diumano mapanatili ang katahimikan sa Matuguinao. Ginamit ito ng AFP para magpakat ng mga *peace and development team* (PDT) sa mga barangay ng Diit, Mahayag at Libertad noong May 20-21, at sa mga barangay ng Libertad at Mahayag noong Hunyo 5-10. Mula sa 36 na armadong myembro ng AFP ay umabot na ito sa 70 noong Hunyo 19.

Bago pa nito, nananalasa na ang militar sa mga komunidad ng Matuguinao. Noong Agosto 15, 2014, pinaslang ng mga sundalo si Bodoc Coreche sa Barangay Hamton. AB

### Ayudang militar ng US sa Pilipinas, ipinatitigil

HININGI ng di bababa sa 18 grupong nakabase sa US sa senado rito na itigil ang pagbibigay ng ayudang militar sa Pilipinas hangga't hindi hinaharap ng gubyernong Aquino ang dumaraming kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa bansa. Kabilang sa mga grupong sumulat sa senado ng US ang Human Rights Watch, Bayan-USA, mga taong-simbahan at mga tagapagtaguyod ng mga karapatang-tao at mga karapatang sibil.

Noong 2008, itinigil ng US ang pagbibigay ng ayudang militar sa Pilipinas dulot na rin sa malakas na kampanya ng mga grupo sa US laban sa mga paglabag sa karapatang-tao ng noo'y rehimeng US-Arroyo. Pero noong 2014, binawi ito ng US at naglaan ng $50 milyon na ayudang militar pagkatapos ng pakitang-taong pagdakip kay Jovito Palparan Jr. Nitong taon, nangako ang US na magbibigay ng karagdagang $40 milyong ayudang militar.

Ang Pilipinas ang pinakamalaking binibigyan ng ayudang militar sa rehiyong Asia-Pacific. Mula 2001 hanggang 2010, umabot ito sa $507 milyon (P22.8 trilyon sa palitang P45=$1.) AB

## Bayarang 85th IB, sinalakay ng BHB-Quezon

Nireyd ng mga Pulang mandirigma ng BHB-Quezon (Apolonio Mendoza Command) ang himpilan ng 85th IB sa Barangay Villa Ibaba, Atimonan, Quezon noong Hulyo 12, 2015. Tatlo ang patay at dalawa ang sugatan sa panig ng militar.

Ang naturang mga sundalo ay nagsisilbing bayarang mga gwardya ng Atimonan One Energy at ng itinatayo nitong 1,200 *megawatt* na *coal-fired power plant* (plantang gumagamit ng karbon para sa produksyon ng kuryente).

Nag-iinuman noon ang mga sundalo nang salakayin ng mga Pulang mandirigma ang hinihimpilan nilang bahay sa tabi ng barangay hall. Ang bahay ay inuupahan ng isa sa mga inhinyero ng kontraktor ng planta.

Ang mga taktikal na opensiba ay tugon ng BHB sa panawagan ng mamamayan sa lalawigan na pigilan ang pagtatayo ng dambuhalang planta ng Atimonan One Energy. Mariing tinututulan ang proyekto ng iba't ibang sektor kabilang ang simbahan at iba't ibang mga organisasyon ng taumbayan.



Inaasahang magdudulot ng masamang epekto ang *power plant* sa kalikasan at kabuhayan ng mga magsasaka at mangingisda hindi lang sa baybayin ng Atimonan kundi maging sa mga residente sa mga karatig-bayan. Aabot sa 139 na ektaryang lupang sakahan at baybay dagat ang maaapektuhan.

Ang aksyong-militar ng BHB ay pamamarusa rin sa mga bayarang elemento ng 85th IBPA na nagsisilbing gwardya ng *power plant*. Instrumento sila sa pandarahas ng Atimonan One Energy upang supilin ang paglaban ng mamamayan.

Naglunsad naman noong Hulyo 20 ng ambus ang isang iskwad ng BHB-Quezon sa Ulong Tao, Macalelon laban sa isa pang yunit ng 85th IB. Pinaulanan ng bala at pinaputukan ng M203 ang sasakyang *weapon carrier* na may lulang walong sundalo na nagmula sa kampo sa San Nicolas. Ligtas na nakaatras ang mga Pulang mandirigma matapos ang labanan. AB

## 3 tropa ng AFP, patay sa Samar

Tatlong sundalo ang patay at pito ang sugatan sa taktikal na opensibang inilunsad ng BHB sa El-Empon, Las Navas, Northern Samar noong Hunyo 15, 2015.

Alas-6 ng umaga nang tambangan ng isang yunit ng BHB ang isang platun ng 20th IB na naglalakad sa kalsadang mula sa Barangay Poponton ng bayan ding ito. Sa 12 minutong labanan, napatay ang tatlong sundalo at sugatan ang lima. Namartir naman sa labanan ang isang Pulang mandirigma.

Isang araw bago nito, ibinalita na ng mga residente sa lugar ang pagpasok ng mga sundalo. Mahigpit nilang sinubaybayan ang kilos ng mga ito at regular na iniulat sa yunit ng hukbong bayan ang mga direksyon at ruta ng mga ito. Dahil dito, nakapagplano at nakapagbaon pa ng mga *command-detonated explosive* ang mga Pulang mandirigma.

Matagal nang nakaatras ang pwersa ng BHB nang dumating bandang alas-5 ng hapon ang mga helikopter para sagipin ang mga sundalo. Napilitang lumapag ang isang UH-1H "Huey" na may numerong 494 dahil nasiraan. Upang pagtakpan ang pagkabulok ng mga ito, pinalabas ng upisyal ng Philippine Air Force na pinutukan ng BHB ang helikopter kaya napilitan itong lumapag. AB

## Oplan Amianan sa Ilocos, binatikos

Binatikos noong Hunyo ni Rosa Guidon, tagapagsalita ng National Democratic Front-Ilocos Region, ang Joint Security Plan Amianan ng rehimeng US-Aquino. Ang naturang *security plan* ang lokal na bersyon ng Oplan Bayanihan. Ito ang balangkas kung saan isinasagawa ng 81st IB at Philippine National Police (PNP) ang mga operasyong militar nito laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon.

Ayon kay Guidon, sa ilalim ng naturang *security plan* isinasagawa ang militarisasyon sa ikalawang *congressional district* ng Ilocos Sur kung saan nakatalaga ang kalakhan ng tropa ng 81st IB at Regional Public Safety Battalion ng kapulisan. Sa mga lugar dito, nakakampo ang mga sundalo at pulis sa mga pampublikong istruktura, malapit sa mga pribadong bahay, at tuluy-tuloy na naghahasik ng lagim sa hanay ng mamamayan.

Ang mga tropa ay nagsisilbi ring tagapagtanggol ng malalaking negosyo tulad ng Phillip Morris-Fortune Tobacco Corporation at mga operasyon sa pagmimina sa Quirino at plantasyon ng *eucalyptus* sa Sta. Cruz. Sa Barangay Bugbuga, Sta. Cruz, nagtayo ng himpilan ang 81st IB na may ilang metro lamang ang layo sa kabahayan ng mga residente ng baryo. Labag ito sa mga alintuntunin sa digma. AB

# Libing ni Ka Parago sa Davao City, dinagsa

Naglalakihang pulang mga istrimer na sumisigaw ng "Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!" at "Mabuhay ang New People's Army!", at mga bandilang pula na may maso't karit at simbolo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang iwinagayway ng hindi bababa sa 10,000 nagmartsa sa libing ni Kasamang Leoncio Pitao, higit na kilala bilang si Ka Parago, noong Hulyo 10 sa Davao City.

Ang pagdagsa ng libu-libong mga magsasaka, mga Lumad, manggagawa, estudyante at mga karaniwang mamamayan, pati na mga pulitiko at iba pang mga personalidad, ay pagpapamalas ng lawak ng pagkilala kay Ka Parago bilang rebolusyonaryo at lider ng BHB.

Si Kumander Parago ay naging bantog sa kanyang pamumuno sa 1st Pulang Bagani Battalion. Nagsilbi siyang Pulang mandirigma at kumander ng BHB sa nagdaang 37 taon at namuno sa maraming operasyon at labanan, nagsanay sa napakaraming kumander, nagsilbing kasama at inspirasyon at mapagkumbabang tagapaglingkod ng masa.

Si Ka Parago, kasama si Ka Kyle (Vanessa Limpag, medik ng BHB), ay walang habas na pinatay ng mga pasistang tropa ng First Scout Ranger Regiment noong Hunyo 28 sa Barangay Pañalum, Paquibato District, Davao City. Kapwa sila pinaulanan ng bala kahit hindi na nakapanlaban at sa kabila ng pagsigaw ni Ka Kyle na siya ay medik upang kilalanin ang kanyang karapatan sa ilalim ng makataong batas.

Sa bisperas ng kanyang libing, isinagawa ang luksang-parangal sa loob ng Almendras Gymnasium. Daan-daang mga trak, bus, dyip at iba pang sasakyan ang naghatid ng mga maglu-luksa. Libu-libo ang dumagsa at nagsiksikan sa loob ng *gym*. Kinulang ang mga inihandang upuan. Matiyagang pumila ang karamihan para masilayan ang bangkay ni Ka Parago. Sa tapat ng kabaong ay marami ang nagtaas ng kamao bilang pagpupugay. Marami ang nakatayo o naupo sa sahig. Libu-libo ang nakatayo lamang sa labas.

Binasa sa luksang-parangal ang iba't ibang pahayag ng pagkilala at pagpupugay ng iba't ibang organo ng PKP at mga kumand ng BHB. Inilarawan ni Ka Siegfried M. Red ng Panrehiyong Komite ng PKP sa Southern Mindanao Region si Ka Parago bilang isang "maningning na Pulang bituin ng rebolusyon." Nagbigay ng parangal ang PKP, ang BHB, ang NDF, sina Ka Jose Ma. Sison, Ka Luis Jalandoni, ang iba't ibang komiteng panrehiyon ng PKP sa Mindanao at marami pang iba.

Hindi natinag ang mga dumalo sa parangal na nagtagal lagpas hatinggabi. Sunud-sunod ang mga lider-masa at mga personalidad na nagtalumpati at nagbigay ng kanilang mga parangal. Walang pagod ang mga kalahok sa pagsigaw ng "Mabuhay ang PKP! Mabuhay ang BHB! Mabuhay si Ka Parago!"



Bago ang martsa-libing ni Ka Parago, nagtungo muna ang mga nakiramay sa harap ng himpilan ng Eastern Mindanao Command (Eastmincom) ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa Panacan upang batikusin ang walang-taros na pagpatay kay Ka Parago at Ka Kyle. Sinabuyan ng pulang pintura ang pader ng Eastmincom bilang pagpapamalas ng kanilang labis na galit sa mga pasistang sundalo.

Nagsimula ang martsa-libing bandang ala-1 ng hapon. Ang ataol ni Ka Parago, na may lukob na pulang bandila ng PKP, ay isinakay sa likod ng trak upang makita ng laksa-laksang nais makasilay. Sampung aktibistang nakasuot ng pulang kamiseta at sumbrerong berde ("Mao cap") ang nagsilbing gwardya de honor at tumindig sa palibot ng ataol habang bumibiyahe patungo sa libingan.

Dumaan sa Roxas Avenue ang martsa kung saan nakapinta sa mga pader ang mga imahe ng mukha ni Ka Parago na may islogang "Sampa sa NPA!" (Sumapi sa NPA). Dinaanan rin ang Freedom Wall, isang malawak na pader na ginamit ng mga artistang pintor para lumikha ng isang malaking larawan ni Ka Parago. Ipinakikita doon si Ka Parago na isang ama at rebolusyonaryo upang magsilbing inspirasyon at hamon sa mga kabataan.

Ang martsa-libing para kay Ka Parago ay isa sa pinakamalaking pagpapamalas ng hayagang suporta at pagkilala para sa isang rebolusyonaryong lider. Tanda iyon ng patuloy na paglakas at paglawak ng digmang bayan sa Mindanao at buong bansa. Nang dumaan ang martsa-libing sa ilalim ng tulay sa Matina, pinaulanan ito ng pulang kumpeti ng mga aktibista.

Bandang alas-2 ng hapon umabot ang martsa sa sementeryo ng Davao Memorial Park. Nagkarooon ng maiksing programa bago isinagawa ang pagsusunog sa bangkay. AB

# Teritoryal na integridad ng Pilipinas, pinanindigan

Muling nagpahayag ng paninindigan ang International League of People's Struggles (ILPS) laban sa ginagawang pag-angkin ng China sa teritoryong pandagat ng Pilipinas at pagpipilit na angkinin ang mga bahura at buhanging-babaw sa karagatang ito.

Inilabas ng ILPS ang pahayag kaugnay ng pagsisimula ng pagdinig sa kasong isinampa ng gubyerno ng Pilipinas sa Permanent Court of Arbitration ng UNCLOS sa The Hague, Netherlands noong Hulyo 8.

Ayon sa pahayag ng ILPS, "sa pagtanaw sa pangkaragatang tunggalian sa pagitan ng Pilipinas at China, ang International League of Peoples' Struggle (ILPS) ay tumitindig sa konsiderasyon at sa loob ng balangkas ng UN Convention on the Law of the Sea (UNCLOS.)"

Isinasaad ng UNCLOS na ang bawat bayan ay may ganap na soberanya sa 12 NM (*nautical mile* o milyaheng pandagat) o humigit-kumulang 21.6 kilometro mula sa baybayin bilang teritoryal na karagatan nito. Ang 200 NM (360 kilometro) mula sa baybayin ay ekslusibong sonang pang-ekonomiya (*exclusive economic zone* o EEZ) na tanging ang bayan ang may karapatang gumamit para sa hanapbuhay at iba pang pang-ekonomyang aktibidad ngunit hindi maaaring pigilan ang paggamit ng ibang bayan bilang daanan ng transportasyong pandagat at panghimpapawid.

Ang 150 NM (270 kilometro) mula sa dulo ng EEZ ay ang *extended continental shelf* (ECS o pinalawig na bahagi ng tipak ng kontinente) kung saan prayoridad pa ring gamitin ng bansa ang mga yamang dagat nito. Kahit labag sa UNCLOS, nagreklamasyon sa pitong bahura ng Scarborough Shoal ang China at ang ilan ay tinayuan na ng mga permanenteng istruktura upang palabasing iyo'y sarili nitong teritoryo at igiit na sarili niyang EEZ ang 80% ng EEZ at 100% ng ECS ng Pilipinas.

Inilinaw ng ILPS na ang sariling lakas at hindi lamang ang pagharap sa tribuna ang dapat asahan ng mamamayang Pilipino. "Makakamit ng mga api at pinagsasamantalahang mamamayan ang pambansa at panlipunang paglaya sa pag-asa sa kanilang sariling lakas at kakayahan at sa paglaban sa anumang imperyalistang kapangyarihan at lokal na reaksyunaryong pwersang nang-aapi at nagsasamantala sa kanila."

Samantala, binatikos ng iba't ibang grupo ang pagsama ng humigit-kumulang 50 tauhan ni Aquino sa pagharap sa korte sa The Hague. Ginastusan ito ng tinatayang P25 milyon gayong iilan lamang ang kailangan para maghapag ng mga datos sa argumento ng Pilipinas. Binatikos din ang pagkuha ng Amerikanong kumpanya ng mga abugado para maging kinatawan ng Pilipinas sa tribuna.

Natapos na ang isang linggong paghahapag ng datos at hinihintayang desisyon ng tribuna na nakatakdang ibaba sa katapusan pa ng taon. Hindi humarap ang China na mula't sapul ay tumututol sa pagtalakay ng tribuna sa usaping ito.

Ang UNCLOS ay pinagtibay noong 1982 ng 165 estado na bumubuo ng 85% ng buong kasapian ng UN, kabilang na ang China. Hindi pumirma ang USA.

Sa pagbatikos sa panghihimasok ng China sa teritoryong pandagat ng Pilipinas, tinukoy ng ILPS bilang "isa nang ganap na imperyalistang kapangyarihan sa pamamagitan ng mga kilos nito sa agresyon batay sa kanyang monopolyo kapitalistang katangian na dulot ng Dengistang anti-sosyalistang kontrarebolusyon pagkatapos mamatay ni Mao."

Binatikos rin ng ILPS ang US na aniya'y "sinamantala ang tunggaliang pangkaragatan sa pagitan ng Pilipinas at China at lalong nakialam sa Pilipinas sa maraming paraan, laluna sa pagtatayo muli ng mga base militar sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement at pagbebenta ng patapong gamit militar sa Pilipinas nang tuwiran o sa pamamagitan ng Japan at Israel." AB



## Tagumpay ng manggagawa ng Tanduay

Inutusan ng Department of Labor and Employment (DOLE) Region IV-A ang Tanduay Distillers Inc. noong Hulyo 26 na gawing regular ang 103 manggagawang kontraktwal nito. Bagamat hindi ito ang kabuuang bilang ng manggagawang hinihiling maregularisa, ang kautusang ito ay tagumpay na ibinunga ng pinag-isang lakas ng mga manggagawa.

Maaalalang nagwelga ang mga manggagawa sa pangunguna ng TUDLA (Tanggulan Ugnayang Daluyang Lakas ng Anakpawis sa Tanduay Distiller Inc) simula ika-18 ng Mayo. Iginiit ng mga manggagawa ang regularisasyon ng 397 manggagawang kontraktwal, ang pagtaas ng sahod, at makataong kundisyon sa pagawaan at mga benepisyo. *(Tingnan sa espesyal na isyu ng* Ang Bayan*, 1 Hunyo 2015.)*

Matagal nang idinaraing ng mga manggagawa ng Tanduay ang kawalan ng katiyakan sa trabaho. Karamihan ng mga manggagawa rito ay kontraktwal kahit mahigit limang taon na silang nagtatrabaho sa kumpanya. Ang iba sa kanila ay 15 taon nang manggagawa ng Tanduay. Mababa din ang sahod na umaabot lamang sa P315 kada araw at nanganganib pang ibaba sa P255 dahil sa patakaran ni Aquino na "floor wage" sa iskemang dalawang-andanang pagpapasahod. Kulang ang Personal Protective Equipment (kagamitang pamproteksyon o PPE) at garapal na kinakaltas sa kanilang sahod ang PPE at gamot.

Bago pa man nagdesisyon ang DOLE-Calabarzon noong Hunyo, nagsampa na ng unang petisyon ang mga manggagawa noong Abril. Sa pagkakataong iyon ay pinanigan pa nga at ipinagtanggol ng DOLE ang ipinatutupad na sistemang kontraktwalisasyon. Matapos ang unang petisyon, sapilitang pinaglililiban ang mga manggagawa sa pagpasok sa trabaho, pinapipirmang umatras sa laban sa pagreregularisa at may plano na ang maneydsment na tanggalin ang mahigit 200 manggagawa.

Dahil dito, ipinutok na ng mga manggagawa ang welga. Sinalubong sila ng pambobomba ng tubig at pambabato ngunit nanaig ang diwang mapanlaban ng mga manggagawa.

Ayon sa DOLE, kabilang sa mga paglabag ng kumpanya ang hindi pagtatakda ng medik na may kasanayan sa pagbibigay ng paunang lunas sa loob ng pagawaan, hindi pagbayad sa limang araw na *incentive leave* (pagliban sa trabaho), pagkaltas ng mga gamot sa sahod at hindi pagsunod sa patakaran ng DOLE sa pangongontrata ng mga manggagawa (DOLE Department order No. 18-A.) AB

---

## Libu-libo, nagprotesta kontra sa mina sa Batangas at Mindoro

Umabot sa 3,500 residente ng Batangas ang nagtipun-tipon noong Hunyo 29 sa bayan ng Lobo para ipanawagan sa lokal na gubyerno na ipagbawal ang mapangwasak na pagmimina sa prubinsya at pigilan ang pagpasok ng Mindoro Resources Limited-Egerton Gold Philippines (MRL-Egerton), isang kumpanya sa pagmimina na pag-aari ng mga kapitalistang Australian at Canadian.

Pinangunahan ang pagkilos ng Bukluran para sa Inang Kalikasan (Bukal-Batangas). Kasama ang Lobo Resorts Owners Association at Lobo Water District, nagsumite sila sa lokal na pamahalaan ng Lobo ng petisyon para ibasura ang resolusyong nagpahintulot sa MRL-Egerton na magmina ng ginto sa lugar.

Ayon sa organisasyon, sisirain ng pagmimina ang Verde Island Passage, isang mahalagang sentro ng yamang pangkalikasan, at Mt. Lobo kung saan naroroon ang natitirang kagubatan sa Batangas. Pinahintulutan ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) na magsagawa ng *open-pit mining* ang kumpanya sa lugar, taliwas sa deklarasyon nitong protektado ang karagatan at kagubatan ng Lobo at Verde Island.

Samantala, may 5,000 Mindoreño ang nagprotesta noong Hunyo 12 para igiit ang pagbabasura sa permit ng DENR sa Intex Resources, isang kumpanyang Norwegian, para magsagawa ng proyektong pagmimina ng *nickel* sa isla na nagkakahalaga ng bilyun-bilyon .

Ayon sa Kaisahan ng mga Mindoreño laban sa Dayuhan at Dambuhalang Pagmimina (Kalasmina), napakalaki ng pinsalang idudulot ng magiging operasyon ng Intex sa isla. Wala itong pahintulot mula sa mamamayang Mangyan, at maging ng lokal nga gubyerno ng Mindoro. Nagpataw ng 25-taong moratoryum ang mga gubyernong pamprubinsya ng Oriental at Occidental Mindoro laban sa dayuhan at malakihang pagmimina.

Aabot sa $2.8 bilyon (P126 bilyon) ang ipupuhunan ng Intex Resources sa tinatawag na Mindoro Nickel Project. Mahigit 200,000 mamamayang Mangyan ang mapapatalsik sa tatlong proyektong minahan sa isla na pag-aari ng ADEBCO, Pitkin Petroleum Ltd., at Intex Resources.

Sasaklawin ng tatlong proyektong ito ang 35% o mahigit sangkatlo ng kalupaan ng Mindoro. Ayon sa alyansang Katribu KAMP, "ang pagkasira ng kalikasan at pagtalsik sa mga mamamayan ay hindi kaunlaran, kundi panggagahasa sa ating patrimonya para sa pakinabang ng mga dayuhan."

Ang Kalasmina ay isang alyansa ng mga taong-simbahan, organisasyon ng mga minorya, tagapagtanggol ng kalikasan, mga magsasaka at kababaihan. AB

# Saywar ng US at UK sa internet

Isang kakaibang digmaan ang inilulunsad ngayon ng mga pwersang militar ng US at UK sa internet at *social media* kung saan masinsin, sustenido at puspusang ginagamit ang makabagong teknolohiya sa interaksyon at komunikasyon para hubugin ang upinyong publiko pabor sa mga imperyalista.

Ito ang nalantad sa isa sa pinakahuling mga dokumentong isiniwalat ni Edward Snowden. Dating tauhan ng National Security Agency (NSA) ng US si Snowden. Ibinunyag niya ang libu-libong dokumentong nagpapakita ng mga paglabag ng NSA sa mga karapatan sa pribasiya sa ginagawa nitong paniniktik sa internet.

Isa sa mga dokumentong ito ay mula sa Government Communications Headquarters (GCHQ) ng United Kingdom (UK), kapartner na ahensya ng NSA, na tumatalakay sa paggamit ng *behavioural science* (pag-aaral sa kilos at ugali) para "manipulahin ang opinyong publiko, unawain ang pag-iisip at kaugalian ng tao, at hikayatin ang ugaling palaayon *(conformity)*."

Ayon sa dokumentong inilantad ni Snowden, ang Joint Threat Research and Information Group (JTRIG) ng GCHQ ay nagsasagawa ng paglalagay ng mga bidyo sa Youtube para "makapanghikayat", nagbubukas ng mga *account* sa Facebook at Twitter gamit ang inimbentong mga personalidad "para magbigay-duda, lumikha ng di-pagtitiwala, magsuway, magpaantala at manggulo."

Ang JTRIG ay dalubhasa hindi lamang sa paniniktik sa internet kundi pati sa mga operasyon para lumikha ng "epekto" sa isipan ng mamamayan. Ipinakita sa dokumento na gumagamit ang pamahalaang UK ng isang piling yunit ng mga espiya para maglunsad ng mga operasyong sikolohikal (o say-ops) laban sa mga "ekstremista" sa pamamagitan ng paglikha ng mga pekeng *account* (pangalan na ginagamit para magkaroon ng identidad at makilala sa internet) at bidyo para hikayatin ang pagkamasunurin. Ngunit hindi ekslusibo ito sa UK. Ginagamit ito ng maraming bansa, kabilang sa Pilipinas.

Isang manwal ng US Army Special Forces ang tumutukoy kung paano gagamitin ang saywar para impluwensyahan ang emosyon, pag-iisip at pagkilos ng dayuhang mga pamahalaan, organisasyon, grupo at indibidwal upang umayon sa hangarin ng US. Upang pagtakpan ang mga tusong layuning saywar at sayops, ang mga operasyon ng militar ng US ay tinatagurian ngayong MISO (Military Information Support Operation o operasyon para sa suportang pang-impormasyon.)


Kabilang sa tinutukoy na "ekstremista" ay ang sariling populasyon ng US na lumalaban na ngayon sa lumilinaw na maniobra ng imperyalismo. Ang mga kabataan, organisasyon ng mga aktibista at ordinaryong mamamayan sa loob at labas ng US ang target ng manipulasyon ng pag-iisip para malinlang sa tunay na hangarin ng pamahalaan at naghaharing uri ng US.

Itinuro ng dokumento kung paano "mapasusunod" ang mamamayan sa pamahalaan. Inihalimbawa nito ang paglikha ng isterya o takot sa nakikitang panganib sa "banta" ng mga "terorista" (na kadalasa'y pananakot lamang) para hikayatin ang pagsuporta sa Patriot Act (isang mapaniil na batas sa US na inilulusot sa ngalan ng kontra-terorismo) o sa pangulo.

Maaaring humingi muna ng maliit na pabor, tulad ng pagtiwala sa administrasyon, na susundan ng mas mabigat na kahilingan o sakripisyo, tulad ng pagpapadala ng mga sundalo sa digmaan, pagtaas ng buwis o pagbawas ng sahod.

Ginagamit rin ang ganitong mga kaparaanan para hikayatin ang ugaling palaayon. Target ng militar ng US at iba pang reaksyunaryong ahensya ang *social media* upang impluwensyahan ito bilang dagdag na instrumento para sa panghahati at paghahari sa mamamayan.

Sa iba't ibang plataporming social media, litaw na litaw ang tusong paggamit ng mga *troll*. Ang mga *troll* ay pekeng mga identidad sa internet na maramihang nililikha upang lumahok, umagaw ng atensyon, at ilihis ang takbo ng diskusyon upang pumabor sa kanilang adyenda. Maaaring patakbuhin ng isa o ilang indibidwal lamang ang ilampu o ilandaang *troll.* Sa *social media*, nagpapanggap ang mga ito na iba't



ibang personalidad na nagsusuportahan ng opinyon.

Sa Pilipinas, puspusan ang paggamit ng mga *troll* ng rehimeng Aquino, ng maka-Aquinong "yellow army" at ng AFP at PNP. Halos beinte-kwatro oras na tinututukan ng mga ito ang *social media* at mga pambalitaang *website.* Tuwing mayroong balita tungkol sa mga kilos protesta, pahayag ng mga progresibong lider o ng mga rebolusyonaryong organisasyon o kaugnay sa Bagong Hukbong Bayan, mabilis silang nagpapaskil ng mga mapanuyang komentaryo na kadalasa'y gumagamit ng magagaspang na salita.

Kamakailan, ginamit ni Aquino ang mga *troll* upang makabawi sa negatibong publisidad sa kaso ni Mary Jane Veloso, na naligtas sa pagbitay sa Indonesia dahil sa pagkilos ng mamamayan sa pangunguna ng grupong Migrante, at sa kabila na nagpaka-inutil ang mga upisyal ni Aquino na nagsabing wala nang magagawa kundi ang tanggapin ang pagbitay. Matapos punahin ng nanay ni Mary Jane ang gubyernong Aquino, binaha ng Malacañang ng mga komentaryo ang Facebook na nagsasabing "walang utang na loob" ang pamilyang Veloso. Ginamit ito sa mga sumunod na araw ng maka-Aquinong dyaryong *Philippine Daily Inquirer* para ibalitang "nagbago na ang takbo ng opinyon" at na wala nang simpatyang pampubliko para sa mga Veloso.

Ginagamit din ang *social network* ng mga bansang imperyalista para manggulo sa loob ng mga bansang kaaway ng US, kabilang na ang Iran, China, Syria, Afghanistan, North Korea at Ukraine. Halimbawa, matapos may masaktan sa dispersal ng mga nagpuprotesta sa Iran, agad itong nakunan at pinadala sa Youtube para paalabin ang damdamin ng mga manonood. Itinakda ng US Special Forces na laging may nakapalibot na mga operatiba na handang kunan ng litrato at bidyo ang mga ganitong pagkakataon para magamit sa *social media.*

Sa puntong ito, ginagamit naman ang sikolohiya ng pagsuway sa awtoridad para pabagsakin ang pamahalaan, kabilang na ang mga pamamaraan ng pagbigay ng halimbawa ng pagsuway, ang paghikayat ng pagtuligsa sa may kapangyarihan, at pagpakita ng kasamaang maidudulot ng pagsunod sa mga atas ng grupong nais supilin.

Samantala, nitong Hunyo 23, idinaos ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa pamamagitan ng Civil-Military Operations School ang ikalawang Social Media Summit. Dati nang namumuno sa gawaing saywar ang Civil Relations Service ng AFP. Kabilang sa mga paksang tinalakay ang paggamit ng mga kasangkapan sa pagsusuri sa mga oportunidad sa *social media,* at ang tungkol sa “radikalisasyon” ng *social media.*

Ang digmaan sa *social network* ay pinag-aaralan pa ng mga opereytor ng saywar, at liban kay Snowden marami pa ang nagsisiwalat sa mga taktika na ginagamit ng mga ito. Mahalagang pag-aralan ng mga aktibista't mamamayan hindi lamang kung paano lalabanan ang mga ito, kundi kung paano planado at masinsinang magagamit ito ng kilusang masa para maisiwalat ang katotohanan at mga paninindigan ng mamamayan sa pamamagitan ng internet. AB

---

Nagpapatuloy na krisis sa Greece

# Pagbaliktad ng gubyernong Tsipras

Muling sumiklab ang mga protesta sa Greece matapos pagtibayin ng parlamento rito noong Hulyo 15 ang panibagong serye ng kontra-mamamayang mga hakbang kapalit ng 86 bilyong euro (P5.84 trilyon sa palitang P68=1 euro) pautang mula sa "troika"—ang International Monetary Fund (IMF), European Union (EU) at European Central Bank (ECB.) Ang tahasang pagtataksil na ito ng gubyernong Greece ni Alexis Tsipras ay lalong maglulubog sa mamamayang Greek sa utang at kahirapan.

Kabilang sa masasahol na kundisyong tinanggap ng gubyernong Tsipras ang pagbabawas nang hanggang 50% ng pensyon ng mga retiradong manggagawa at kawani; ang pagbabawas sa sahod ng mga manggagawa; ang pagtataas ng buwis, kabilang sa lutong pagkain, nang hanggang 23%; at ang pagsasapribado ng mga pampublikong utilidad at pasilidad tulad ng mga paliparan at daungan.

Sumang-ayon din ang gubyernong Tsipras na bawasan nang 13 bilyon euro ang pondo nito sa pampublikong serbisyo. Kasabay nito, magpapailalim ang Greece sa mahigpit na pamamahala ng *troika* sa susunod na mga taon.

Ang pagpayag ng gubyernong Tsipras sa mga kundisyong ito ay tahasang pagbaligtad at pagtataksil sa mamamayan ng Greece. Ilang araw lamang bago nito, pinangunahan pa mismo ng gubyernong Tsipras ang kampanyang “OXI” (“Hindi”, sa salitang Greece) para bumoto sa reperendum noong Hulyo 5 laban sa mga kundisyon ng *troika.* Malawakang sinuportahan ng mamamayang Greece ang paninindigan laban sa *troika* nang umani ng 61% ng boto ang “Hindi”.

Ngunit ilang araw lamang pagkalipas, noong Hulyo 13 ay walang kaabug-abog na tinalikuran ng gubyernong Tsipras ang hinaing ng mamamayan at nakipagkasundo sa mga negosyador ng *troika* para ipataw ang dagdag na mga hakbanging paghihigpit.

Maalalang nahalal bilang punong ministro ng Greece si Tsipras matapos makuha ng Syriza ang mayorya ng mga pwesto sa parla-

mento nito noong Enero. Ang Syriza (Koalisyon ng Kaliwang Radikal) ay isang koalisyon ng mga maka-Kaliwang organisasyon at partido na unang nagbuklod para labanan ang mga patakarang paghihigpit sa bansa. Naging matagumpay ang koalisyon sa eleksyong 2015 sa plataporma laban sa mga pahirap na kundisyon ng *troika* na limang taon nang ipinatutupad sa Greece.

### Krisis sa Greece

Ang Greece ay isang bansa sa European Union na dumaranas ng napakasidhing krisis sa ekonomya mula nang magsimula ang matagalang pandaigdigang resesyon simula 2008. Lubog sa utang ang bansa na pinalala pa ng mga programang paghihigpit noong 2010 at 2012. Ang utang ng Greece nitong 2015 ay umabot na sa 175% kumpara sa lokal na produksyon,. Nasa 26% ang tantos ng pangkalahatang disempleyo. Mahigit kalahati (50%) ng kanilang kabataang may edad 18-34 ay walang trabaho.

Nang umupo sa poder ang gubyernong Tsipras, agad nitong hinarap sa negosasyon ang troika para humingi ng bagong pautang para mabayaran ang dating utang. Sa loob ng limang buwan, nanindigan ito laban sa mga kundisyon ng pribatisasyon at paghihigpit (tulad ng pagkakaltas ng pondo sa pensyon at serbisyong panlipunan). Gayunman, naging mahina ang tayo ng gubyernong Tsipras sa negosasyon nang itinakwil nito ang landas ng "Grexit" (o pagtiwalag sa European Union) at sinabing gagawin nito ang lahat para makapanatili sa loob nito.

### Inutil at taksil

Walang inihandang seryosong alternatibo ang gubyernong Tsipras labas sa muling pangungutang sa troika. Hindi ito gumawa ng mga hakbangin para maghanap ng ibang pagkukunan ng pondo o pangungutangan tulad ng BRICS Development Bank. Dahil walang alternatibo, naipit nang naipit ang Greece nang pinutol ng bangko sentral ng Europe ang daloy ng pondo sa mga bangko sa Greece sa loob ng tatlong linggo.

Pinalaganap ng gubyernong Tsipras ang ilusyong maaari pang magkaroon ng kompromiso sa pagitan ng Greece at ng *troika* at sa gayon ay dinisarmahan ang sarili, gayundin ang mamamayang Greek, na seryosong ikonsidera ang iba pang opsyon sa loob at labas ng balangkas ng EU. Sa kadulu-duluhan, sadyang pinahina nito ang sariling pusisyon at nabigo itong humulagpos sa bitag ng mga imperyalista.

Dahil hindi naghanda ng ibang alternatibo ang gubyernong Tsipras, madaling nagawa ng *troika* na magmatigas sa mga ipinapataw nitong kundisyon kapalit ng panibagong pangungutang ng Greece.

Bigo ang gubyernong Tsipras na samantalahin ang pagkakataong yanigin ang mga imperyalistang European sa pamamagitan ng tahasang pagtangging pumaloob sa kanilang balangkas, at pwersahin silang maghapag ng mas makabubuti sa mamamayan na mga kundisyon sa pagpapautang at pagbabayad ng utang. Napakalaking alwan sana para sa mamamayang Greek kung matatag na nanindigan ang gubyernong Tsipras na hindi ito magbabayad ng utang sa *troika,* kahit sa loob lamang ng isang panahon.

Bigo rin ang gubyernong Tsipras na gamitin ang napakalaking tiwalang ibinigay dito ng mamamayan at ang malawak na suportang internasyunal para sa kanilang pakikibaka. May pagkakataon sana ang mga progresibong lider, kabilang si Tsipras, na pangibabawan ang kagyat na mga negatibong epekto ng hindi pagbabayad ng utang sa mga internasyunal na bangko.

### Palala nang palalang krisis

Ayon kay Jose Ma. Sison, pinuno ng International League of People's Struggle (ILPS), napipinto ang mga bitak sa hanay ng Syriza sa harap ng kahirapang daranasin ng mamamayang Greek. Pinatunayan ng kampong Tsipras ang pagiging maka-kapitalistang EU, neoliberal at pabor sa paghihigpit nito, taliwas na taliwas sa platapormang nakapagpanalo rito sa nakaraang eleksyon.

Sa ilalim ng tumpak at mahusay na pamumuno ng nagkakaisang mga grupong Kaliwa, maaaring sagpangin ng mamamayang Greek ang pagkakataon para paigtingin ang kanilang pakikibaka at likhain ang mga kundisyon para sa kanilang paglayang sosyal, ekonomikal at pulitikal. Kasabay nito, kailangan nilang bantayan ang mga maka-Kanang grupong maaaring magsamantala sa panawagang tumiwalag ang Greece sa EU at ilagay ang kanilang mga sarili sa poder.

Isa lamang ang Greece sa mga bansang may ekonomyang nasa bingit ng pagbagsak. Marami pang bansa sa loob at labas ng EU ang tiyak na dadanas ng katulad na mga krisis. Ang epekto nito ay tiyak na mararamdaman sa buong mundo lalupa't ang napipintong krisis ay humuhugis na mas malala pa kumpara sa krisis sa pinansya noong 2008. AB

